# Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

## Unawain ang SSI: Tungkol sa Mga Pautang

### Ano ang pautang?

Ang pautang ay ang anumang matatanggap mo mula sa iba na sinasang-ayunan mong bayaran sa ibang panahon. Maaari kang makipagkasundo sa isang nagpapahiram na institusyon tulad ng isang bangko, o isang tao, tulad ng isang kaibigan o kamag-anak. Maaari mo itong gawin nang pasalita o nang nakasulat, ngunit dapat ay matutupad ito sa ilalim ng batas ng Estado.

- Ang pautang ay maaaring:
- salapi;
- pagkain; o
- mga bagay para sa shelter (rent, mortgage, mga singil sa utilidad, atbp).

### Paano naaapektohan ng isang pautang ang aking benepisyo sa SSI?

Kung pumasok ka sa isang balidong kasunduan sa pautang, ang halaga ng pera o bagay na natanggap mo ay hindi **kita** at hindi magbabawas sa iyong benepisyo sa SSI. Gayunman, ang anumang mga pondo na hiniram mo at na hindi mo ginastos sa buwan na iyon ay isasama sa pagkalkula ng iyong limit sa **pag-aari** sa SSI na $2,000 (o $3,000 para sa isang mag-asawa) sa susunod na buwan.

Kung nagpahiram ka ng pera sa iba, ang perang utang nila sa iyo ay maaaring maging **pag-aari** na maisasama sa pagkalkula ng pag-aari at maaaring makaapekto sa iyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI.

### Itinuturing bang kita para sa SSI ang interes sa isang pautang?

Kung nagpahiram ka ng pera sa ibang tao, at ang kasunduan sa pautang ay itinuring naming **pag-aari**, ang interes na matatanggap mo ay hindi namin ituturing na **kita**.

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (www.socialsecurity.gov) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.